

Setyembre 3, 2021

Minamahal na mga Magulang ng Ontario,

Inaasahan namin na lubos na mabuti ang inyong summer. Sa pagbabalik ng personal na pagpasok sa paaralan ngayong Setyembre, ikinalulugod naming makita ang mga mag-aaral na bumalik sa klase para sa isang mas normal na karanasan sa pag-aaral – kasama ng kanilang mga kaibigan at mga guro. Alam namin na ang pag-aaral ng isang tao habang pisikal siyang naroroon ay mahalaga para sa pangkaisipan at pisikal na kalusugan, mga nakakamit na pang-akademiko, at pangkalahatang kabutihan ng kalagayan ng ating mga kabataan.

Binuo sa tulong ng mga medikal na dalubhasa, kabilang ang Punong Medikal na Opisyal ng Kalusugan ng probinsya at sa pagsusuri ng pag-uulat ng Provincial Science Table, ang mga hakbang na aming ginagawa ay idinesenyo upang mapanatiling ligtas ang mga mag-aaral hangga't maaari habang sila ay nasa paaralan.

Sa 2021-22 na taon ng pag-aaral, ang mga mag-aaral sa buong probinsya ay:

- Babalik sa personal na pagpasok sa paaralan para sa buong araw ng pag-aaral, bagama't ang kasabay na pag-aaral sa malayong lugar ay mananatiling isang opsyon;
- Mag-aaral sa mga silid-aralan na may patakaran ng pagiging pisikal na kahiwalay sa isa't isa, at mas masusing paglilinis;
- Maaaring makasali sa extracurricular mga aktibidad, mga samahan, musika, at mga sining, pati na rin ang buong saklaw ng mga sports sa loob ng paaralan at sa pamamagitan ng mga aktibidad sa sports sa pagitan ng iba't ibang mga paaralan na may ilang mga pagbabago; at
- Makikinabang mula sa pinabuting pagpasok ng sariwang hangin at iba pang mga pagpapabuti ng imprastruktura na may kaugnayan sa kalidad ng hangin, kabilang ang mga HEPA unit sa lahat ng mga silid-aralan sa kindergarten at sa lahat ng mga lugar na nagaganap ang pag-aaral na hindi konektado sa mekanikal na mga sistema ng pagpasok ng sariwang hangin.

Matatagpuan ang karagdagan pang mga detalye ng plano sa [website ng Ministeryo ng Edukasyon](#).

Bilang karagdagan pa, ang ating gobyerno ay nakikipagtulungan sa mga pampublikong yunit ng kalusugan at mga lupon ng paaralan na pinopondohan ng publiko upang makapag-plano at magtaguyod ng mga klinika sa mga paaralan o kaya sa lugar na malapit sa mga ito para sa boluntaryong pagbabakuna upang makapagpatuloy na

labanan ang COVID-19. Ang mga klinika ay inaasahang gumana bago magsimula ang mga klase at sa panahon ng mga unang ilang linggo ng klase. Ang programa ay bahagi ng huling milyang plano ng probinsya upang mabigyang-tuon yung mga hindi pa nakakatanggap ng una o ikalawang dosis at gagawing makakakuha at kumbinyenteng makakatanggap ng mga boluntaryong bakuna ang mga kuwalipikadong mag-aaral at ang kanilang mga pamilya, at pati na rin yung mga tagapagturo at mga tauhan ng paaralan na babalik sa paaralan ngayong taglagas.

Nagtalaga ng mahigit sa \$80 milyon sa pagpopondo para masuportahan ang kalusugang pangkaisipan ng mag-aaral. Iyan ay mahigit sa apat na beses kung ikukumpara sa mga pamumuhunan na ginawa noong 2017-18 sa ilalim ng nakaraang gobyerno.

Ang pagpupursige ng Ontario upang gawing lubos na ligtas ang paaralan hangga't maaari ay sinusuportahan ng makabuluhang mga pamumuhunan, kabilang ang mahigit sa \$1.6 na bilyong nakatuong suporta laban sa COVID-19, at \$85.5 milyon sa pagbawi at pagpapanumbalik ng pag-aaral upang matulungan ang mga mag-aaral na matagumpayan ang anumang kakulangan sa pag-aaral na naganap dahil sa pandemic.

Lubos na mahalaga ang pagpapabuti ng kalidad ng hangin sa mga paaralan upang mapanatiling ligtas sa COVID-19 ang mga komunidad ng paaralan. Iyan ang dahilan kung bakit ikinalulugod kong idagdag na ang ating gobyerno ay namuhunan nang mahigit sa \$600 milyon upang mapabuti ang mga sistema ng paaralan para sa pagpasok ng sariwang hangin, bilang pagsunod sa umuusbong na pang-aghambay na payo sa buong panahon ng pandemic. Bilang karagdagan pa iyan sa \$1.4 na bilyon sa taunang pagpopondo na aming inilaan sa mga lupon ng paaralan upang mapabago ang mga pasilidad ng paaralan, kabilang ang HVAC at mga bintana.

Nagsagawa ng mga pagpapabuti sa pagpasok ng sariwang hangin sa lahat ng mga paaralan at sa lahat ng mga lupon sa Ontario. Sa kabuuan, makapagbibigay kami ng mahigit sa 70,000 mga HEPA filtration unit na gumagana nang kanilang sarili at iba pang mga aparato para makapagpasok ng sariwang hangin upang mapanatiling ligtas ang mga silid-aralan.

Upang mapabuti ang kalidad ng hangin sa mga paaralan sa pamamagitan ng pang-makinang pamamaraan para makapagpasok ng sariwang hangin, binibigyan namin ng tagubilin ang mga lupon na gumamit ng pinakamataas na grado ng mga filter – MERV-13 kung saan maaari – magsagawa ng mas malimit na pagpapalit ng filter, mas matagal na patakbuhan ang mga sistema ng hangin, at itakda ang mga sistema ng HVAC para sa pinakamalakas na daloy at pagpasok ng sariwang hangin. Para sa ating pinakabatang mga mag-aaral sa junior at senior na kindergarten, naglalagay kami ng

gumagana nang kanilang sarili na HEPA filter sa kanilang silid-aralan – kahit na ang paaralan ay mayroon man o walang pang-makinang pamamaraan para makapagpasok ng sariwang hangin – bilang karagdagan pang antas ng proteksyon. Para sa layunin ng kalinawan, bibigyan namin ang mga lupon ng paaralan ng magkakatulad na kagamitan ng pampublikong pag-uulat tungkol sa pagpapabuti ng pagpasok ng sariwang hangin.

Ang ating gobyerno ay magpapatuloy na mahigpit na makikipagtulungan sa tauhan ng edukasyon at sa mga medikal na dalubhasa upang makatulong na masiguro na ang kaligtasan, kabutihan ng kalagayan, at pang-akademikong tagumpay ng mga mag-aaral ay nananatiling pinagtutuunan ng pansin. Bilang bahagi ng pangako na iyan, inilathala ng Opisina ng Punong Medikal na Opisyal ng Kalusugan ang binagong patnubay sa mga lokal na pampublikong yunit ng kalusugan tungkol sa pangangasiwa ng mga kaso, pakikipag-ugnayan, at pagsiklab ng COVID-19. Sakop ng patnubay ang mga pangunahing paksa na kaugnay sa pangangasiwa ng COVID-19 sa mga lugar ng paaralan, kabilang ang patnubay para sa pangangasiwa ng mga indibidwal na mayroong sintomas, posible at nakumpirmang mga kaso, at napaghihinalaan at nakumpirmang mga pagsiklab.

Nagpapatuloy ang ating pagbibigay ng bakuna. Ang mga bakuna ang ating pinakamagaling na depensa laban sa COVID-19 at sa iba pang mga anyo na nagmula dito, at makakatulong na maprotektahan ang ating mga mag-aaral, ang ating mga mahal sa buhay, at ang ating mga komunidad laban sa sakit. At bilang ang Ministro ng Edukasyon ng Ontario, ang aking pangunahing prayoridad ay parating magiging ang kalusugan at kaligtasan ng mga mag-aaral, tagapagturo, at mga magulang ng probinsya. Ako ay nagpapasalamat sa inyong lahat para sa pasensiya at katatagan na inyong ipinakita sa kalagitnaan ng lubos na napakahirap na panahon. Ipagpatuloy natin ang ating positibong pagsulong at manatili tayong nagtutulungan sa isa't isa upang masiguro na ang ating mga bata ay ligtas, habang sila ay masayang dumaranas ng isang lubos na karapat-dapat na mas normal na taon ng pag-aaral.

Nais kong batiin kayong lahat ng isang ligtas at masayang pagbalik sa paaralan.

Sumasainyo,

Ang Kagalang-galang na Stephen Lecce
Ministro ng Edukasyon